


KIAN KAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS

KAMUSTA KAWASAKI

NO. 145

Dream Concert



Ang Ika-80th Anibersaryo ng Lungsod ay ipagdiriwang sa pamamagitan ng Dream concert na gaganapin sa ika-15 ng Hulyo (Huwebes) ng 12:10 hanggang 12:45 ng tanghali sa Hiyoshi godouchousya 1F. Magtatanghal ang miyembro ng Tokyo Symphony Orchestra ng Flute. Ito'y walang bayad at reserbasyon, magsadya lamang sa lugar at oras na nabanggit.



Daishi Summer Fest

Sa Kawasaki Daishi (Temple) Summer Fiesta ay taun-taong matutunghayan ang iba't-ibang kasayahang na-uukol lamang sa panahong tag-araw (Natsu). Isa sa mga ito ang pamamasyal o paglilibot sa mga sikat na lugar sa Daishi (大師名所巡りウォークラリー). Mag-uumpisa ang event na ito sa ika-18 ng Hulyo (Linggo) at ang pagpapalista ay mula 9:00 ng umaga hanggang 1:30 ng hapon sa harap ng Keihin Kyuko Kawasaki Daishi Station.

Gaganapin din ang Wind-bells Fair (Kawasaki Daishi Wind bells Fair) mula ika-17 ng Hulyo hanggang 21 sa Kawasaki Daishi mula alas 10:00 ng umaga hanggang 6:00 ng hapon. Maliban sa ika-20 araw, ito ay bukas hanggang 9:00 ng gabi.

Ang wind bells (Furin) ay gawa sa iba't-ibang uri ng materyales katulad ng bakal, kawayan, bato, salamin atbp. Ito ay naturingang pangunahing tindahan ng windbells sa bansang Hapon dahil ang mga ito ay inipon/kinolekta mula sa lahat ng uri ng windbells sa iba't-ibang lugar ng buong Japan.

Huling paalala ay tungkol sa Citizen Plaza Puppet Show Fiesta. Ito ay ipagdiriwang ng tatlong araw mula 23 ng Hulyo hanggang 25 ng ika-10:30 ng umaga hanggang 4:00 ng hapon. Ang tiket ay ¥800 para sa mga bibili ng maaga, subalit kung bibili sa mismong araw na ito ay ¥1000yen para sa "participation badge" na maaaring gamitin sa loob ng tatlong araw. May karagdagang bayad na ¥500 para sa mga nais magkaroon ng special lectures. Mabibili ang tiket sa tanggapan ng Citizen Plaza o sa pamamagitan ng pagpadala ng postcard hanggang 15 ng Hulyo. Isulat kung pang-ilang tao ang kailangang tiket at kung ilang tao ang nais sumali sa special lecture at ipadala sa in-charge ng Shimin Plaza Puppet Show Festival.



No. 146

Takatsu Fest



Ang Takatsu Kumin Sai (Takatsu Ward Festival) ngayong taon ay gaganapin sa ika-25 ng Hulyo mula alas 2:30 hanggang 9:00 ng gabi sa 30 lugar ng Oyama Kaido. Magkakaroon ng Traffic Safety Parade at Charity Bazaar atbp. Kapag umulan, ito ay malilipat ng iskedyl sa ika-1 ng Agosto.

Kasunod nito ang paalala ng Kirari Takatsu Concert. Mga Kabataang Musikero ang bumuo at magtatanghal ng Konsiyertong ito sa ika-25 ng Hulyo, Linggo mula 1:00 ng hapon sa Hall ng Human Rights & Gender Equality Office. (Kawasaki Danjo kyodo sankaku center) Matatapos sa oras ng 5:00 ng hapon.



Magtatanghal din ng (Shimin Gasshosai) Chorus Fest sa bagong bukas na Muza Kawasaki Symphony Hall. Kabilang sa mga miyembrong aawit ang mga grupong nagtatanghal bilang chorus groups. Dalawang magkasunod na araw gaganapin 24 at 25 ng Hulyo at magsisimula sa 10:00ng umaga. Ito ay walang bayad (entrance fee) para sa unang 700 kataong maanonood.

Samantalang ang Asao ward office ay magtatanghal ng isang linggong pananghaliang konsiyerto. Mula 26 ng Hulyo hanggang 30 sa oras ng 12:15 hanggang 12:45 ng tanghali. (30 minuto) Ang lugar ay matatagpuan sa Asao Ward Office 2F lobby. Hindi na kinakailangang magpareserba, magsadya lamang sa lugar at oras. Para sa iba pang impormasyon tumawag sa Asao Ward Section for the Development of Community Activities (chiiki shinkouka) Tel.044-965-5116

No.147



Youth Science Museum



May isang lugar sa Tama Ward kung saan matatagpuan ang yaman ng berdeng kalikasan. Ito ay tinatawag na Ikuta Ryokuchi. Dito sa Ikuta Ryokuchi ay nagsasagawa ng Eksperimento at Obserbasyon ang mga dalubhasa/espesyalista tungkol sa mga hayop tulad ng mga ibong ligaw, mga halaman at iba pang may buhay. Sila ay pumipili ng isang paksang pag-aralan at tumutulong (guide) sa pagsasagawa ng masulit na obserbasyon. Ito ay tuwing araw ng Linggo mula ika-10:00 hanggang 12:00 ng tanghali. Sa mga nais sumali nito ay magsadya at magpatala sa Shounen Kagaku Kan (Youth Science Museum). Agahan ang pagpunta bago mag-umpisa para makapagpatala. Wala itong reserbasyon at bayad. Kapag umambon sa araw na ito, maaaring magpatuloy sa pag-oobserba Ngunit ipagpapaliban ito kapag umulan. Ang lugar ng Youth Science Museum ay mapupuntahan pagbaba ng Mukogaoka station, (10 minuto kung lalakaran) Tel.044-922-4731



Sa Shimin Museum (City Museum) ay mapapanood ang tungkol sa mga kababalaghan sa Hapon mga usapin ng mga ninuno at mga pahayag ng mga nakakita sa kakaibang uri ng mga hayop, anito at iba pang nilalang na hanggang ngayon ay hindi mapatunayan kung totoo o kathang isip lamang. Mapapanood ito hanggang ika-9 ng Septyembre sa halagang ¥900 at sa mga mag-aaral ay ¥500. Libre para sa mga 65 taong gulang at mga mag-aaral sa elementarya. Mula sa Istasyon ng Musashi Kosugi ay may Bus na nakalaan papuntang City Museum. Sarado ito sa ika-20 ng Hulyo at tuwing Lunes.

Issued by The Kawasaki International Association

237-1 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center
Tel 044-435-7000 Fax 044-435-7010 E-mail: kian@bremen.or.jp HP URL: <http://www.bremen.or.jp/kian/>